**MEDIA INTERVIEW IN LEGAZPI CITY, ALBAY**
November 6, 2024

[00:00:00]
**PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS JR.:** ...of our assistance that we are giving. Dahil noong una kaming napunta rito ay pinag-usapan natin was the relief goods, iyong rescue, lahat.

Ngayon na medyo nalampasan na natin iyong phase na iyon, nandito naman tayo para bibigyan ng tulong iyong mga nasiraan ng hanapbuhay, lalo na iyong ating mga magsasaka at iyong ating mga mangingisda. Dahil alam naman natin pagdaan ng bagyo, pagdaan ng ganitong klaseng baha ay ang daming nasisirang tanim, ang daming nasisirang mga fish pen.

Nakita nga namin ito noong unang bisita namin dito. Kaya't ay sabi ko hindi lamang iyong binibigay ng Department of Agriculture, ngunit idadagdag pa natin – naghanap pa kami ng pondo galing na sa Office of the President para matulungan. Mabigyan ng tig-sa-sampung libo ang ating mga magsasaka at ang ating mga fisherman. Kaya't naulit ang pagbalik ko rito. At sana naman ay pagbalik ko uli rito ay hindi na bagyo ang pinag-uusapan natin at mapapag-usapan na lang natin iyong Kristine na naging maayos ang pagdala ng tulong para sa ating mga kababayan.

Kaya't maraming, maraming salamat! Magandang umaga sa inyo.
[00:01:26]

***